THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Ilang

Sis Techie Rodriguez, Elder – Founder
Agosto 4, 2021

Ang ilang ay ang panahon ng pagsubok o tukso tulad sa pagsubok ni Jesus sa disyerto (Lk.4:1-13); Mt. 4:1-11). Tinukso si Jesus ng demonyo ngunit napaglabanan Niya ito. Tinuturuan tayo ng ating Panginoon paano mapagtagumpayan ang tukso. Bilang Kristyano, dapat alam natin ang sarili nating ilang para mapagtagumpayan ang tukso.

**1.Ang ating ilang ay isang paghahanda.**
**1.1 Walang *exempted* sa tukso.** "Ang espiritu'y nakahanda, ngunit mahina ang laman" (Mt.26:41), at kung tayo'y nabubuhay sa laman, maraming tukso ang ating haharapin. Naranasan din ni San Pablo ang tukso, gaya ng karamihan sa atin, dahil tayo ay kasama sa henerasyon ni Adan at Eba (Is. 14:12-17); Ez. 28:1-10).
**1.2 Dinala si Jesus ng Espiritu sa ilang**. Pagkatapos binyagan si Jesus, handa na Niyang tapakan si Satanas para matupad ang plano ng Diyos (Gn.3). Gusto rin ng Diyos na matupad natin ang Kanyang mga plano para sa atin at tapakan si Satanas.
**1.3 Huwag labanan ang demonyo sa sariling paraan.** Mapagtatagumpayan lamang natin ang tukso sa tulong ng grasya at awa ng Diyos.
**1.4 Pinahihintulutan ng Diyos ang tukso sa ating buhay.** Gusto ng Diyos na masubok tayo para tumibay ang ating pananalig. Lahat ng lingkod ng Diyos sa Bibliya ay dumanas ng tukso.
**1.5 Hindi tayo nagkasala kung tayo'y natukso.** Hindi tayo dapat masorpresa kung tayo'y natukso dahil hindi tayo mas mataas sa ating Panginoon. Bahagi ng buhay natin ang pagsubok at bibigyan Niya tayo ng lakas upang mapagtagumpayan ito (1Cor. 10:13).
**1.6 Alamin at gamitin ang salita ng Diyos para mapagtagumpayan ang tukso.** "Nalipol ang aking bayan dahil sa di pagpapahalaga sa akin" (Hos.4:6),at ngayon, ang Espiritu Santo ay patuloy na gumagabay sa atin para mapagtagumpayan natin ang pagsubok.
**2. Kasama ng ating ilang ang tukso.** Nakatutulong ang ating ilang sa paghahanda ng ating ministri, maliit man o malaki, para maging matibay ang katapatan natin sa Diyos. Kung ipahayag natin na si Jesus ay Panginoon, isinuko na natin ang buo nating pagkatao.
**3. Maaaring makatulong ang ating ilang sa ating tagumpay**. Pinapatunayan lagi ng mga lingkod ng Diyos ang kanilang pagmamahal sa Kanya. Ang pagsubok, tukso at paghihirap ay pangkaraniwan sa mga taga-sunod ni Kristo.
**3.a. Ang pagsubok ng tukso ay karaniwang sinusundan ng tagumpay.** Kadalasan, may tuksong dumarating sa isang Kristiyano pagkatapos ng maluwalhating karanasan kasama ang Diyos.
**3.b. Ang layunin ng demonyo ay harangan ang plano ng Diyos.** Ang mga biyaya at pagsubok sa ating buhay ay maaaring maging tukso na pinahihintulutan ng Diyos para sa ating mas malaking misyon. Gagawing lahat ng demonyo para mapigilan niya tayo na maging masunuring lingkod ng Diyos.
**Konklusyon:**
Ang layunin natin sa buhay ay mabigyang galak ang Diyos. Inihanda ng Diyos ang lahat para sa atin para maluwalhati tayo kasama Siya. May ibang plano ang demonyo sa atin, alisin sa atin ang kaluwalhatian ng Diyos sa oras ng sarili nating ilang. Ipinakita sa atin ni Jesus na kaya natin itong mapagtagumpayan, kaya, sumunod tayo sa Kanya.
**Pagninilay:**
1.Anong personal na ilang ang napagdaanan mo? Ano ang natutunan mo dito?
2.Ano ang paborito mong bersikulo sa Bibliya habang nasa ilang ka? Nagdadasal ka pa rin ba?
3. Nasubukan mo na bang labanang mag-isa ang tukso? Ano ang resulta?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #LabanangEspiritwal; #tukso; #kasamaan